# Proseso ng SEPA

## Bilangguan ng Pamahalaang Lokal ng Seattle

### *Ano ang SEPA?*

- Ang SEPA ay ang State Environmental Policy Act, isang batas ng estado na pinamamahalaan ang mga ahensya upang isaalang-alang ang mga impormasyon pangkapaligiran bago managutan sa isang partikular na pagkilos sa isang proyekto at pinupursigi ang pakikibahagi ng publiko sa mga desisyon ng ahensya.
- Para sa mga proyekto na nasa lungsod ng Seattle, karaniwang ipinapatupad ng Lungsod ang proseso ng SEPA . Mayroong awtoridad ang Lungsod na magdesisyon kung kinakailangan ang Environmental Impact Statement (EIS) para sa nasabing proyekto sa loob ng hangganan ng lungsod.

### *Ano ang isang EIS?*

- Ang Environmental Impact Statement (EIS) ay isang layunin, walang kinikilingan na pagtatasa ng mga resulta sa kapaligiran ng isang iminungkahing proyekto.
  - Ang EIS ay isang kagamitan na ginagamit ng Lungsod, at iba pang mga ahensya at ng publiko sa proseso ng pagdedesisyon.
  - Hindi inirerekomenda ng EIS para sa o laban sa isang partikular na pagkilos.

### *Ano ang mga pangunahing hakbang sa proseso ng EIS ?*

- 1) Pagsusuri – kinakailangan ang minimum na 21-araw ng panahon ng pagbibigay ng komento ng publiko.
- 2) Balangkas na EIS – kasama ang kinakailangang ika-2 panahon ng pagbibigay ng komento ng publiko (30 hanggang 45 araw).
- 3) Panghuling EIS

### *Ano ang layunin ng pagsusuri ng EIS?*

- Ang pagsusuri ay nagkakaloob ng paunawa sa mga ahensya, mga organisasyon at sa publiko na maghahanda ng isang EIS para sa iminungkahing proyekto.
- Ang layunin ng pagsusuri ay mangangalap ng mga komento ng publiko at ahensya hinggil sa mga isyu at alternatibong pangkapaligiran na tutugunan ng EIS.

### *Paano maipapahiwatig ng publiko ang kanilang pananaw habang nagsusuri?*

- Hindi magtatagal ay itatakda ng Lungsod ang panahon ng pagbibigay ng komento sa pagtatasa. Ang pagtatasa ay inaasahang mag-umpisa sa katapusan ng summer. Magkakaroon ng dalawang pagpupulong sa pagtatasa sa panahon na ito para sa input ng publiko.
- Ang mga pananaw hinggil sa pagsusuri ng EIS ay ibibigay nang berbal sa mga pampublikong pagpupulong o sa pamamagitan ng kasulatan ng mga komento na ipagkakaloob kapag ang pagsusuri ay pormal na ipinahayag.

## *Ano ang mangyayari pagkatapos ng pagsusuri?*

- Batay sa mga natanggap na komento sa proseso ng pagsusuri, gagawing pinal ng Lungsod ang saklaw ng EIS .
- Pagkatapos ay pamamahalaan ng Lungsod ang paghahanda ng Balangkas na EIS.

## *Ano ang Balangkas na EIS?*

- Ang Balangkas na EIS ay ang unang komprehensibong pagsusuri sa mga epekto sa kapaligiran ng iba't ibang mga alternatibo sa ilalim ng iba't ibang paksa, tulad ng mga lupa, mga wetland, paggamit sa lupain, ingay, transportasyon, atbp.
- Ang Balangkas na EIS ay ipapalabas at ipapamigay sa mga ahensya, organisasyon, at sa publiko upang marepaso bilang bahagi ng isang pangalawang itinakdang panahon sa pagbibigay ng komento ng publiko.
- Ang (mga) pampublikong pagpupulong ay gaganapin makalipas na ipalabas ang Balangkas ng EIS upang mangalap ng mga komento hinggil sa Balangkas na EIS. Ang mga komento ukol sa Balangkas na EIS ay maaaring ibigay nang berbal sa mga pampublikong pagpupulong o sa pamamagitan ng kasulatan habang isinasagawa ang ikawalang itinakdang panahon ng pagbibigay ng mga komento.

## *Ano ang Panghuling EIS?*

- Batay sa mga komento na natanggap ukol sa Balangkas na EIS, ang Panghuling EIS ay ihahanda bilang ikatlo at panghuling hakbang sa proseso ng EIS . Ang Panghuling EIS ay magkakaloob ng mga kasagutan sa mga natanggap na komento sa Balangkas na EIS mula sa mga ahensya, organisasyon at ng publiko, ay maaaring maglaman ng mga paglilinaw sa pagsusuri sa mga epekto sa kapaligiran.
- Ang Balangkas at Panghuling EIS, ay magkasamang bubuo ng dokumento na gagamitin ng Lungsod – kasama ng iba pang mga pagsusuri at pananaw ng publiko – sa pagpili ng lugar para sa Bilangguan ng Pamahalaang Lokal ng Seattle at iba pang mga desisyon hinggil sa proyekto.

## *Ano ang inaasam na Takdang Panahon para sa EIS?*

- Pagsusuri – gaganapin sa summer 2008
- Balangkas na EIS – ipapalabas sa unang quarter ng taong 2009
- Panghuling EIS – ipapalabas sa spring 2009

## *Ano ang mangyayari pagkatapos ng Panghuling EIS?*

- Ang Alkalde ng Lungsod ay magbibigay ng relomendasyon hinggil sa proyekto ng Bilangguan ng Pamahalaang Lokal ng Seattle.
- Ang Konseho ng Lungsod ay magsasagawa ng sarili nitong repaso ng mga opsyon para sa bilangguan na makakabilang ang mas maraming opsiyal na pagkakataon para mapahayag ng publiko ang kanilang pananaw.
- Patuloy na mga oportunidad para sa pagbibigay ng publiko ng kanilang pananaw na gaganapin bilang bahagi ng proseso ng pagdedesisyon.
- Magbibigay ng panghuling desisyon ang Konseho ng Lungsod kung saan itatayo ang bagong bilangguan.